# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 40 BILANG 7* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *HULYO 2020*


*EDITORYAL*


## Gagapiin ng nakikibakang mamamayan ang pasismo ng rehimeng Duterte

Tampok sa pagpasok ng rehimeng Duterte sa ikaapat na taong paghahari ang sunud-sunod na mga akto ng pasismo at terorismo na salaminan ng desperasyon nitong masawata ang lumalakas na paglaban ng mamamayan.

Umpisa pa lang ng Hulyo pinirmahan at isinabatas ni Duterte ang Anti-Terror Act of 2020 (ATA). Kasunod nito ang pagpapasara sa pamamagitan ng tutang Kongreso sa ABS-CBN na pinakamalaking kumpanyang pangmidya sa bansa. Samantala, inilutang ng DILG ang panukalang pagbabahay-bahay bilang dagdag sa militaristang solusyon kontra sa paglaganap ng sakit na COVID-19. Wala namang tigil ang *focused military operations* at *community support program operations* ng AFP-PNP sa kanayunan at kalunsuran bunga ng pagpapaigting sa kontra-rebolusyonaryong gerang JCP Kapanatagan.

Ang pagpapatupad ng rehimen sa ATA, pagpapasara sa ABS-CBN at patuloy na paggamit ng lantay na lakas-militar sa pagsupil sa nakikibakang mamamayan ay katumbas ng pagpatay sa demokrasya at paghahasik ng terorismo sa bayan. Ipinapahiwatig nito na wala nang lugar ang mga burges-demokratikong palamuti sa ilalim ng rehimeng Duterte. Binubusalan nito ang sinumang naglalantad sa kapalpakan at kabulukan ng rehimen. Pwersahang pinatatahimik nito, sukdulang paslangin, ang mga kritiko, progresibo at laluna ang mga rebolusyonaryo na buong tapang na ipinaglalaban ang interes at kapakanan ng mamamayan. Marahas, walang kasing-lupit at walang konsensya nitong pinapatay ang mga inosente't sibilyan para lamang ipataw ang teroristang paghahari at sindakin ang mamamayan na manahimik na lamang para sa kanilang kaligtasan.

Mistulang sirang plaka ang paulit-ulit na pagbabanta, paninira at pang-uupat ni Duterte sa mga tinatakang banta sa pambansang seguridad upang maging target ng terorismo ng estado. Sa ikalimang State of the Nation Address noong Hulyo 27 nagbuga ng pulos



# KALATAS

Hulyo 2020
TOMO 40 BILANG 6


1 Gagapiin ng nakikibakang mamamayan ang pasismo ng rehimeng Duterte

4 11 aktibista sa Laguna, marahas na inaresto at ikinulong matapos ang kilos-protesta laban sa ATA

6 Lumalakas ang panawagan ng mamamayan laban sa ATA ng ultra-pasistang si Duterte

7 Anong kinabukasan ang naghihintay sa mga OFW sa gitna ng krisis ng COVID-19?

8 Pagpapasara ni Duterte sa ABS-CBN: Panggigipit sa midya at kaaway sa pulitika, hindi pagbuwag sa oligarkiya

10 Tugon ni PdG: Bakit dapat tutulan ang jeepney modernization lalo ngayong panahon ng COVID-19?

12 SONA ni Duterte, sinalubong ng protesta sa Timog Katagalugan

13 88 aktibistang magpoprotesta sa SONA, hinaras ng PNP

14 Serye ng Opensiba sa Palawan, bumigwas sa pasistang AFP-PNP

15 Mga kaso laban sa Calaca 6, naibasura na!

16 Pulang pagpupugay kay Kasamang Fidel V. Agcaoili

17 Pagpupugay kay Ka Gabby, dakilang martir ng sambayanan!

18 Kultura: Liham sa Martir


*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

kasinungalingan at paghahambog si Duterte at walang nailahad na kongkretong solusyon hinggil sa krisis dulot ng COVID-19. Gaya ng dati naging daluyan ang nakaraang SONA ng pagbabanta niya sa mga kalaban sa pulitika at mga kagalit na oligarko, at ng bahag-ang-buntot na patakarang panlabas ng rehimen sa pagkontrol ng China sa West Philippine Sea.

Pinag-alab at pinasiklab lamang ng anti-Pilipino at kontra-mamamayang mga pahayag na ito ang nagngingitngit na damdamin ng bayan laban sa rehimen. Marami ang napukaw at nagkaroon ng lakas ng loob na lumaban dahil sa tindi ng atake ng estado sa mga demokratikong karapatan at tahasang pagpapabaya ni Duterte sa panahong wasak ang kabuhayan at namemeligro ang kalusugan ng mamamayan sa COVID-19.

Halos isang milyong Pilipino ang pumirma sa *online petition* laban sa ATA habang tuluy-tuloy ang ang mga protesta sa lansangan laban sa pasistang batas. Ang mga dating walang imik mula sa panggitnang uri ay nangahas magsalita at makibaka. Kinundena nila ang pagpapasara sa ABS-CBN bilang atake sa malayang pamamahayag at paglusaw sa kabuhayan ng 11,000 manggagawa nito.

Hindi rin nagpapigil ang mamamayan sa harap ng panghaharas at bantang pang-aaresto ng AFP-PNP at ipinarating nila ang kanilang mga hinaing at pagtutol sa mga aksyong protesta sa lansangan, sa *social media* at *internet* at iba pang daluyan sa araw ng SONA. Halimbawa nito ang pagtitipon ng daan-daang tao mula sa mga demokratikong uri at sektor sa iba't ibang lugar sa Cavite, Laguna, Rizal at sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (UPLB) upang ipahayag ang tunay na kalagayan ng bayan at ipanawagan ang pagpapatalsik kay Duterte.

Nagpapatuloy rin at yumayabong ang mga pakikibakang masa para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa, trabaho at serbisyong panlipunan sa kabila ng terorismo at krisis sa pampublikong kalusugan. Kasama na rito ang paniningil sa rehimeng Duterte dahil sa palpak nitong pagtugon sa COVID-19 at pagbulsa sa pondong dapat ay nakalaan para sa pang-araw-araw na pagkain at pangangailangang medikal ng mamamayan.

Samantala, lalong itinutulak ng brutal na JCP Kapanatagan ang masang anakpawis na yakapin at ibayong isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Patuloy ang pagsapi ng mga magsasaka, manggagawa, katutubo, kababaihan at kabataan sa kilusang lihim at sa Bagong Hukbong Bayan habang lumalalim at lumalawak ang ugnayan ng masa at rebolusyonaryong kilusan. Patunay ang muling pagsigla ng kilusang protesta sa kalunsuran at matutunog na taktikal na opensiba sa Palawan at Quezon na hudyat ng kabiguan ng imbing pakana ng rehimeng Duterte na pulbusin ang PKP-BHB-NDFP bago matapos ang kanyang termino.

Bigo ang rehimeng Duterte na payapain ang nag-aalburutong panlipunang bulkan gamit ang laos nang kumbinasyon ng terorismo, panlilinlang at paglabusaw sa maiinit na isyu sa lipunan. Lantad na rin at kinukundena ang paggamit ng rehimen sa COVID-19 bilang tabing sa mga anti-demokratiko at pasistang hakbangin gaya ng pagbabawal sa protesta. Sa halip na magupo, higit na tumapang at naging determinado ang mamamayan na labanan ang rehimeng Duterte.

Lipos ang kasaysayan sa mga halimbawa ng paggapi ng nakikibakang mamamayan sa papatinding pasismo at terorismo

ng estado. Matingkad ito sa panahon ng diktadurang Marcos at paghahari ng mga nagpalit-palitang rehimen matapos kay Marcos.

Sa rurok ng karahasan sa panahon ng Batas Militar ni Marcos nagsiklaban ang mga pakikibakang masa para sa kabuhayan at karapatan. Matinding pasismo rin ang nagtulak sa maraming aktibista ng panahong iyon na kumilos sa *underground* o di kaya'y sumapi sa BHB. Mariing nilabanan at binigo ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang *total war* at Oplan Lambat-Bitag I-IV ni Corazon Aquino at Fidel Ramos; ang Oplan Makabayan ni Estrada; ang *war against terror* at Oplan Bantay-Laya ni Arroyo gayundin ang Oplan Bayanihan ni B.S. Aquino.

Hindi magagawang kitlin ng pasismo ang pakikibaka ng mamamayan dahil hindi nito inaalis ang mga kalagayang pinagmulan ng kanilang paghihimagsik. Hanggang ngayon, pinaghaharian ng mga burgesya kumprador, panginoong maylupa, burukrata-kapitalista at mga imperyalista ang bansa at kinakamkam ang yaman nito. Nagdarahop ang masang anakpawis na inaagawan ng lupa, pinagsasamantalahan sa pagawaan at pinagkakaitan ng serbisyong panlipunan at disenteng pamumuhay. Sa pagdagan ng krisis dulot ng COVID-19, nasadlak sa mas masalimuot na kalagayan ang mamamayang Pilipino. Nagsisilbi lamang ang pasistang paghahari ni Duterte upang mapanatili ang mapagsamantalang kaayusang ito.

Ngayong palapit na ang pagtatapos ng termino ng rehimen sa 2022, tiyak na patitindihin pa nito ang pasismo bilang desperadong hakbang na supilin ang pambansa-demokratikong kilusan. Paulit-ulit itong bibiguin ng mamamayan. Mabilis na lumalaganap at lumalalim ang diskuntento at pagtutol sa pasismo, at marami pa ang namumulat sa pangangailangang mag-aklas.

Bilang na ang mga araw ni Duterte at ng kanyang rehimen. Batid ni Duterte, at ng mga naghaharing-uri, na malapit nang sumabog at umagos ang galit ng sambayanan sa mga lansangan. Sa kanayunan, makapangyarihan ang suporta ng armadong pakikibaka na isinusulong ng BHB sa muling nagpapanibagong-sigla na kilusang protesta at rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran na nagnanais patalsikin ang pasistang rehimen. Ang nalalabing panahon ni Duterte sa pwesto ay panahon ng mahigpit na pakikipagtuos ng bayan sa kanya. Sa gabay ng rebolusyonaryong kilusan, ihahanda at pakikilusin ang mamamayan para gapiin hanggang maibagsak ang inutil, papet, at teroristang rehimeng Duterte.

*BALITANG TO*



# 6 patay at marami pang sugatan sa apat na opensiba ng BHB-Quezon

Limang taktikal na opensiba ang inilunsad ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon laban sa nagpapatuloy na atake at *focused military operations* ng mga pasistang pwersa ng AFP-PNP sa probinsya.


Dalawa ang napatay at marami ang sugatan sa tropa ng 85th IBPA sa inilunsad na haras riple ng AMC noong Hulyo 12, sa Brgy. Masaya, Buenavista. Napatakbo ng mga Pulang mandirigma ang 30 pasistang tropa na nag-ooperasyon sa lugar. Nagsagawa rin ang AMC ng haras riple noong Hulyo 27 laban sa pwersa ng Special Action Force (SAF) na nakasakay sa apat na motor sa Sityo Langgam, Brgy. Magsaysay, Infanta. Naiulat ang isang sugatan sa pasistang tropa. Ang SAF ay nagsisilbing bantay sa mapangwasak na Kaliwa Dam.

Noong July 13, inagaw ng AMC ang inisyatiba sa labanan sa isang engkwentro sa 85th IBPA sa Brgy. Anyao, Catanauan. Tatlong sundalo ang napatay sa nasabing labanan.

Samantala, matagumpay na inaresto at pinarusahan ng BHB Quezon ang isang *action agent* ng AFP noong Hulyo 25. Binigo rin ng AMC ang atake ng 85th IBPA noong Hulyo 29 sa boundary ng Sitio Tabakin, Brgy. Ilayang Ilog A, Lopez at Sityo Malaking Aak, Brgy. Vista Hermosa, Macalelon. Inunahan ng putok ng mga Pulang mandirigma ang mga nag-ooperasyong 85th IBPA na nagdiskaril sa kanilang pakana na pinsalain ang BHB. Hindi bababa sa tatlong sundalo ang kaswalti sa 15 minutong labanan habang wala ni anumang pinsala sa mga kasama.

Ani Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC - BHB Quezon, "Ang mga aksyong militar ng BHB sa probinsya ay tugon sa pagsasabatas ni Duterte ng Anti-Terror Act of 2020. Patuloy na maglulunsad ng mga aksyong militar ang AMC laban sa papaigting at pinalawig na kampanyang militar ng AFP-PNP sa probinsya. Samantala, ang matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB Quezon ay patunay na bigo ang rehimeng US-Duterte sa hibang na pangarap nitong durugin ang rebolusyonaryong kilusan hanggang kalaghatian ng 2020."

# 11 aktibista sa Laguna, marahas na inaresto at ikinulong matapos ang kilos-protesta laban sa ATA



Isang araw matapos pirmahan ni Duterte ang Anti-Terror Act of 2020 (ATA) noong Hulyo 3, inilunsad sa Laguna ang kilos-protesta ng iba't ibang progresibong organisasyon, dala-dala ang mga istrimer, plakard, *flag* at polyeto, upang iparating sa mga kababayan ang mariing pagkundena sa ATA. Ginanap ang programa sa tapat ng *barangay hall* ng Pulo sa Cabuyao na kasalukuyang kinakampuhan ng mga tropang naglulunsad ng Community Support Program Operation (RCPO) sa ilalim ng Task Force Ugnay/2nd Civil Military Battalion ng 2nd Infantry Division (ID).

Nag-uumpisa pa lamang ang programa nang ipinarada ng mga militar at pulis ang kanilang 4-*wheeler military truck* sa gilid ng nakahanay na mga aktibista, sakay ang apat na militar at dalawa rito ay bumaba't pinagkukuhanan ng litrato at bidyo ang mga aktibistang naglulunsad ng kilos protesta. Walang pakundangang sinabayan ang programa ng *audio recording* ng pang-re-*red tag* sa mga progresibong organisasyon bilang *legal fronts* ng CPP-NPA.

Nagliligpit na ng mga gamit at naghihintay na lamang ng sasakyan ang mga aktibista nang bigla silang sugurin at marahas na pinaghihila at sinaktan ng pinagsanib na pwersa ng AFP, PNP Cabuyao sa pamumuno ni PMaj. Valdez, PNP-Regional Mobile Force Battalion (RMFB) at *intelligence agents* na nakasibilyan. Gumamit ng dahas ang AFP-PNP upang sapilitang dalhin ang 11 aktibista sa loob ng barangay hall. Kinaladkad, sinabunutan at pinagtutulak ang mga babaeng aktibista. Inapakan pa ang kanilang mga paa ng mga nakabotang pasista. Samantala, kinaladkad at sinakal ang mga lalaki. Nagtamo ang mga aktibista ng sugat sa magkabilang tuhod, siko at paa, sakit sa katawan at nasiraan pa ng mga damit.

Inatake pa rin ang mga aktibista sa kabila ng pagsunod sa mga *protocol* ng *physical distancing* at pagsuot ng *face masks*. Walang mabanggit ang mga pulis, inteligens, at militar na nilabag na krimen ng Cabuyao 11 kaya pinukol na lamang nila ng paninindak at paninigaw. Nagsisigaw ang AFP-PNP ng: "Sige ngayon nyo ilabas mga tapang nyo!", "Kakaladkarin ulit namin kayo 'pag di kayo sumakay ng mobile!", "Makukulong kayo para magkaalaman sino ang *boss* nyo.", "Ang bata bata nyo pa, nalalason na ang mga utak nyo!"

Kinaladkad at sapilitang isinakay ang mga aktibista sa *barangay patrol* tungong Cabuyao Police Station. Pagdating doon, hindi man lamang binasahan ng Miranda rights ang Cabuyao 11 at pinipilit pang kunin ang kanilang mga pangalan at kung sino ang lider. Hinintay ng 11 ang kanilang abogado upang humarap kay PNP Cabuyao Chief Garduque. Inabot ng hatinggabi ang pagpipiit sa mga aktibista bago ipaalam na kakasuhan ang mga ito ngunit pag-iisipan pa raw ng pulisya kung ano ang ikakaso.

Matapos ang pag-uusap, dinala ang 11 aktibista sa JP Rizal Hospital Calamba upang ipa-*medico legal.* Subalit noong ipresenta sa *inquest*, minanipula na ang mga *medical certificate* at pinalabas na wala sinuman sa mga inaresto ang nasugatan. Pagkabalik sa istasyon ay ikinulong sila kahit na walang kaso. Ipinasok sa magkahiwalay na selda ang mga aktibistang babae at lalaki habang ang tatlong menor de edad ay kasama ng mga babaeng pulis sa isang kwarto.

**Cabuyao 11 kapiling ang mga bilanggo**

Namalagi ang walong aktibista sa *detention facility* sa loob ng dalawang araw. Doon nila naranasan ang kahabag-habag na kalagayan ng mga bilanggo sa loob ng kulungan.

Masikip ang selda ng mga babae at kailangang dumaan muna sa mga lalaking bilanggo bago makapasok sa dalawang metro kwadradong espasyo nito. Walang sapat at maayos na bentilasyon kaya naghalo-halo na ang kanilang mga amoy, pawis at sakit. Sa gabi ay nakaupo na lang kung matulog ang lahat ng bilanggo. Marami ang inuubo, sumasakit ang ulo, nilalagnat, at tinutubuan ng mga pigsa sa ulo at likod. Ang ilang sakit na nabanggit ay mga sintomas ng COVID-19 ngunit walang ibinibigay na serbisyong medikal para sa mga bilanggo at hindi pa natitingnan ang kanilang kalagayan. Mayroon ding nakakulong na isang babaeng anim na buwan nang buntis na tinatrangkaso at minsa'y dinudugo.

Kalakhan ng mga bilanggo ay biktima ng Oplan Tokhang. Maraming napagbintangang *drug pusher* at *drug user* na napilitan na lamang umamin sa *plea bargaining* upang gumaan ang sentensya. Sa bilangguan naman ng mga kalalakihan, nakapiit ang mga magsasabong at isang *senior citizen* na mahigit anim na buwan nang nakakulong kahit nahuli lamang siya sa paninigarilyo sa ipinagbabawal na lugar.

Kinabukasan, Hulyo 5, nalaman ng Cabuyao 11 at kanilang *paralegal* na kinasuhan sila ng paglabag sa *quarantine protocol*, *illegal assembly* (BP 880 Sec.2), at

*disobedience*. Hulyo 6 isinagawa ang *inquest proceeding* bandang alas singko ng hapon. Makalipas ang ilang oras, lumabas ang *release order* mula sa City Prosecutor at pinahaharap na lamang sila upang magsumite ng kontra-salaysay laban sa salaysay ng mga nang-arestong pulis. Alas otso na ng gabi nakalaya ang Cabuyao 11.

Habang nakakulong, bumaha ang suporta para sa Cabuyao 11 sa anyo ng tulong pampinansya, pagkain, at mga gamit mula sa mga kaibigan, dating kaklase, kapamilya, at mga taong hindi na nagpakilala ngunit mainit na sumusuporta sa laban kontra ATA. Tumulong din ang Integrated Bar of the Philippines (IBP) at Free Legal Assistance Group (FLAG) sa kanilang *inquest proceeding* habang tiniyak ng Commission on Human Rights R4A na mapangalagaan ang karapatan ng mga ikinulong.

Pagkalaya ay kaagad kumuha ng COVID-19 *rapid test* ang Cabuyao 11 at *paralegal team* nito dahil ipinaalam ni PNP Cabuyao Chief Garduque na nagkaroon ng positibong kaso sa loob ng kulungan ng mga babae. Dalawa sa Cabuyao 11 ang nagpositibo sa COVID-19 *swab testing*. Sumasailalim sa istriktong *quarantine* ang Cabuyao 11 upang tuluyang gumaling at ipagpatuloy ang laban sa pagbabasura ng ATA.

Nakikipag-konsultahan na rin ito sa grupo ng kanilang mga abogado para sa mga posibleng kaso laban sa 2nd ID, PNP Cabuyao, at PNP-RMFB. K

*KILOS PROTESTA*



# Mga protesta laban sa Terror Law ni Duterte, inilunsad sa rehiyon

Tatlong malalaki at matutunog na mga protesta sa Timog Katagalugan ang muling nagrehistro ng malawakang pagtutol laban sa kriminal na pagpapabaya at pasismo ng rehimeng US-Duterte noong hapon ng Hunyo 30, ikaapat na taon mula nang manumpa bilang pangulo si Duterte.




Pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST) ang mga kilos-protesta, kasama ang iba pang mga lokal at sektoral na organisasyon sa Calamba Crossing, Laguna at Rodriguez, Rizal.

Kasabay ng mga pagkilos sa TK ang protestang bayan sa tapat ng Commission on Human Rights, Quezon City na pinangunahan ng BAYAN.

Sa Calamba Crossing, iniladlad ang malaking istrimer na pagsasalarawan ng isang babala hinggil sa kamatayan, kasinungalingan at kahirapang dulot ni Duterte.

Inihalintulad ng BAYAN-ST sa mapaminsalang COVID-19 ang mapanupil at papet na rehimen ni Duterte. Binaybay ng grupo sa kanilang pahayag ang apat na taong ibayong paniniil at atake ni Duterte sa karapatan ng mamamayan.

"Higit na malagim ang administrasyong Duterte kaysa Batas Militar ni Marcos. Nang malantad ang kabulukan sa gitna ng pandemya, ginamit ni Duterte ang talim ng batas upang atakihin ang mga alagad ng midya at busalan ang mga kritiko at karaniwang mamamayan na dumaraing sa hirap."

Anila, "Noong una pa lang, kaagad nang inilitaw ni Duterte ang kanyang mapagkunwaring mukha at buáng na katauhan. Tulad ng mga naitala sa kasaysayan, si Duterte ay isang trapo. Trapo na tuta ng dayuhan, trapo na berdugo at pasista… si Duterte ay virus na pahamak at kumikitil sa mga Pilipino!"

Tinuligsa rin ng mga nagprotesta ang Anti-Terror Bill, na nakikitang panibagong armas sa arsenal ni Duterte laban sa mga aktibista, kritiko at maging karaniwang mamamayan.

Samantala, binasag ng protesta sa Rodriguez, Rizal ang ilang buwang pananakot ng NTF-ELCAC at mga elemento ng 80th IBPA. Bukod sa Anti-Terror Bill, kinundena rin nila ang panggigipit at pamimilit sa mga opisyal at kasapi ng SIKKAD-K3, samahan ng mga maralita sa Sitio Kasiglahan sa Rodriguez, na sumuko bilang mga NPA.

Hindi naging ligtas sa abuso ng mga kasapi ng pulisya at militar ang mga pagkilos. Sa Calamba, pinagbantaang idi-disperse ni P/Col. Dexter Domingo, acting chief ng Calamba City Police Station, ang mga nagpoprotesta kung hindi nila agad tatapusin ang kanilang programa.

Nagkaroon pa ng maikling komosyon dahil pinagbantaan din niyang ikukulong at sasaktan ang mga mamamahayag at aktibistang nagdodokumento sa kanyang panghaharas sa mga nagsasagawa ng programa. K

# Lumalakas ang panawagan ng mamamayan laban sa ATA ng ultra-pasistang si Duterte

Sinalubong si Duterte ng kaliwa't kanang protesta nang isabatas niya ang Anti-Terror Act of 2020 (ATA). Kumikilos ngayon ang buong sambayanang Pilipino upang labanan ang ultra-pasistang katangian ni Duterte na nahubaran sa ganap na pagsasabatas ng ATA. Imbes na tugunan ang gumagrabeng krisis sa pandemyang COVID-19, mas inuna pa ni Duterte na iratsada ang ATA para tupdin ang hibang na pangarap na patatagin ang kanyang pasistang paghahari sa bansa. Kinutsaba niya ang *rubber stamp* na Kongreso kabilang ang 23 kongresista mula sa Timog Katagalugan. Ang mga militarista at pasistang hakbangin ni Duterte ang nagtutulak mismo sa mamamayang maglunsad ng mga pakikibaka upang ganap na ibagsak ang tiranikong paghahari nito.

Noong inilusot ni Duterte ang ATA sa Kongreso habang may *lockdown*, sinalubong siya ng 800,000 *online protest* ng *netizens* sa *social media*. Nagtransporma ito sa lansangan, kung saan libu-libo na ang lumahok sa protesta para tutulan at labanan ang ATA. Umabot na sa 27 petisyon ang inihain sa Korte Suprema ng humigit-kumulang 100 organisasyon, grupo at indibidwal para ibasura ang ATA. Tinuligsa ito ng iba't ibang bantog na ligal na personalidad sa bansa, kabilang sina dating Associate Justice Antonio Carpio, Conchita Morales Carpio, mga bumuo ng Konstitusyong 1987 at dekano ng mga prestihiyosong paaralan sa abogasiya. Kasama rin sa paglaban at pagtutol sa ATA ang mga Simbahan Katoliko at iba pang relihiyon. Nakiisa rin sa panawagan ang mga artista, lalo ang mga nagmula sa ABS-CBN na biktima ng pampulitikang atake ni Duterte. Ang mga senador at kongresista na lantarang tumutuligsa ay naghain na rin ng pagpapabasura nito. Maging sa ibayong dagat, kinukundina ng iba't ibang gubyerno at bansa ang ATA ni Duterte. Si Taylor Swift na kilalang artista sa US ay nagpahayag din ng pagkundena dito.

Ang pagsasabatas ng ATA ay pagsikil sa demokratikong karapatan ng mamamayan. Itinuturing nito na "pagsuporta at pag-udyok sa terorismo" o "teroristang atake" ang pagpapahayag ng mga pagpuna at pagtuligsa sa anti-mamamayang patakaran ng reaksyunaryong gubyerno, paglulunsad ng mga welga at kilos-protesta't iba pang anyo ng sama-samang pagkilos para magpahatid ng lehitimong karaingan. Sa ngalan ng reaksyunaryong doktrina sa pambansang seguridad, itinuturing nitong terorismo ang mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya at anti-imperyalismo. Nais nitong labusawin at pasaklawin ang krimen na terorismo upang palubhain ang takot ng mamamayan at ikubli ang terorismo ng estado ng rehimeng US-Duterte. Samakatuwid, ito ay para patuloy na gipitin ni Duterte ang mga aktibista, katunggali at kritiko, kabilang na ang rebolusyonaryong kilusan.

Pinatitibay ng ATA ang ilusyon na ang rehimeng US-Duterte at "ang estado mismo ay hindi gagawa ng anumang tipo ng terorismo" at binubura nito ang pananagutan ng rehimen sa pagpapairal ng terorismo ng estado laban sa sariling mamamayan. Sa halip, higit nitong binigyan ng absolutong kapangyarihan ang rehimen para tugisin at gipitin ang oposisyon at mga kritiko. Higit na binigyang-laya at basbas ng ATA ang mga militar at pulis na gawin ang talamak na paglabag sa karapatang tao ng mamamayan. Itinutulak nitong gawing batayan ang terorismo sa pagkikriminalisa sa lahat ng lehitimong aksyong ng mamamayan na nagsusulong ng pambansang paglaya at hustisyang panlipunan. Halimbawa, sa Timog Katagalugan, nagpapatuloy ang panggigipit at pagbabanta ng AFP-PNP sa mga aktibista at unyonista na sila ay sasampahan ng kaso sa bisa ng ATA kung hindi sila titigil o susuko bilang NPA. Dinakip at ikinulong din ng AFP-PNP ang Cabuyao 11 na nagprotesta laban sa ATA.




Ang rehimeng US-Duterte ang tunay na terorista. Ang ginagawa nitong pagtatatak na mga teroristang gawi ang anumang paglaban at pakikibaka ng mamamayang naggigiit para sa pambansang paglaya at hustisyang panlipunan ay desperadong hakbangin upang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa ngalan ng anti-komunismo. Pilit lumilikha si Duterte ng malawakang takot at isterya sa hanay ng mamamayan upang pigilan silang lumahok sa rebolusyong Pilipino na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Hindi na nakakapagtaka kung bakit bumubulwak ang labis na

# Ano'ng kinabukasan ang naghihintay sa mga OFW sa gitna ng krisis ng COVID-19?



Kabilang sa mga pangunahing tinamaan ng pananalasa ng COVID-19 ang mga *overseas Filipino workers* (OFW) o mga Pilipinong manggagawa na nasa ibayong dagat. Hanggang nitong Hunyo 23, aabot na sa 8,334 ang kaso ng COVID-19 sa mga OFW kung saan 508 na ang namamatay. Aabot naman sa 5,057 ang nakarekober at 2,769 naman ang ginagamot pa.

Nakakonsentra ang pinakamalaking bilang ng OFW sa Middle East, kung saan rin naitala ang pinakamaraming bilang ng OFW na nahawahan ng COVID-19. Sa Saudi Arabia, na may 584,200 manggagawang Pilipino (ayon sa datos noong 2017), 52 na ang dokumentadong bilang ng namatay habang kwestyunable pa ang 180 bangkay na dapat kagyat na maiuwi sa bansa. Samantala, pinakamarami naman ang namatay na OFW dahil sa COVID sa US kung saan nakatipon ang pinakamalaking bilang kapwa ng migranteng Pilipinong manggagawa.




Liban sa aktwal na pagkakasakit, pangunahing pasanin ng mga OFW at ng kanilang mga pamilya ang kawalan ng hanapbuhay dulot ng malawakang *economic shutdown* sa daigdig dahil sa COVID-19. Sa datos mismo ng Department of Labor & Employment, isang milyong OFW ang nanganganib na mawalan ng trabaho. Malayong-malayo pa ito sa datos na inilabas ng Migrante International na dalawang milyon. Bukod pa rito ang 54,000 na nauna nang umuwi sa bansa na hanggang ngayo'y nakabinbin pa ang ilan sa iba't ibang *quarantine faciliities* bilang mga *locally stranded individuals*. Laman na rin ng mga balita ngayon ang kalagayan ng mga OFW kung saan palaboy-laboy na sila at ang ilan ay namamasura na lamang sa mga bansang pinagtatrabahuan.

**Kalagayan ng mga OFW bago ang COVID-19**

Hindi maaaring isantabi ng reaksyunaryong gubyerno ang mga OFW, na bumibilang sa milyun-milyong Pilipino at nag-aambag nang malaki sa ekonomya ng bansa. Ayon sa Migrante International, aabot sa 15 milyon ang mga Pilipinong naninirahan at nagtatrabaho sa 33 bansa sa daigdig. Kabilang rito ang mga hindi dokumentado at hindi binibilang ng reaksyunaryong gubyerno. Nagmula sa Region IV-A o CALABARZON ang 17.9% ng kabuuang bilang ng migranteng manggagawang Pilipino. Pinakamarami sa pinagmumulan ng mga ito ang mga lalawigang pinakamalapit sa Maynila na naging sentro ng pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa tulad ng Batangas, Rizal at Laguna. Sa mga lalawigang ito matatagpuan ang mga Saudi, Italy, at Hongkong Village o mga lugar na tinitirhan ng mga kapamilya ng OFW.

Ilang dekada nang nakaasa ang ekonomiya ng Pilipinas sa remitans ng mga migranteng manggagawa. Mas malaki pa ang nagmumula rito kaysa sa Foreign Direct Investment o tuwirang pamumuhunan ng mga dayuhan sa bansa. Bagama't malaking bahagi ito ng pinagmumulan ng ekonomiya ng bansa, unti-unti itong lumiliit dahil sa pandaigdigang krisis. Mula 2012-2016, bumagal ang paglago ng remitans ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Aabot sa US$ 28 bilyon ang remitans noong taong 2018 subalit bumaba ito tungong US$26 bilyon noong 2019.

Ngayong panahon ng COVID-19, inaasahang babagsak ang remitans ng mga OFW sa bansa ng US$4-5 bilyon. Higit na babagsak ang ekonomiya ng bansa dahil sa sobrang pagsalig ng reaksyunaryong gubyerno sa mga pumapasok na remitans ng mga OFW. Tiyak ring mababawasan ang lokal na konsumo dahil maraming pamilyang nakaasa sa mga OFW ang bababa o mawawalan ng kapasidad na bumili.

**Kinabukasan ng mga OFW**

Sa paghagupit ng krisis ng COVID-19, nalantad ang bangkaroteng sistema sa bansa, kapabayaan at kawalang-pakialam ng naghaharing rehimen sa mga OFW. Nagbubuhul-buhol ang dila ng mga tagapagsalita nito sa pagtatakip sa kalunus-lunos na kalagayan ng mga OFW. Pilit nilang pinaliliit ang datos habang naghuhumiyaw ang katotohanan hanggang sa *social media*. Ipinagmamalaki ngayon ng

*Lumalakas ang panawagan ng mamamayan..mula sa pahina 6*

galit ng bayan at ang pagsulpot ng kabi-kabilang pag-aklas ng mamamayan. Malakas ang panawagang ibasura ang ATA ng mga magsasaka, manggagawa, mga progresibo, makabayan at kritiko ng rehimeng Duterte dahil nagnanais silang pangalagaan at ipagtanggol ang demokratikong karapatan ng mamamayan na napagtagumpayan laban sa diktadurang US-Marcos. Isinisigaw ngayon ng buong bayan ang pagpapatalsik kay Duterte dahil sa grabeng kabulukan, lantarang pasismo at terorismo ng estado sa mamamayan. Habang patuloy na sumisidhi ang panlipunang ligalig na dulot ng rehimeng US-Duterte at kanyang mga militarista at pasistang hakbangin sa gitna ng pandemya, itinutulak lalo nito ang mamamayan sa rebolusyonaryong solusyon at tahakin ang landas ng armadong pakikibaka. K

# *Pagpapasara ni Duterte sa ABS-CBN*
# Panggigipit sa midya at kaaway sa pulitika, hindi pagbuwag sa oligarkiya




Wala pang isang taon ang lumipas mula nang magbanta si Duterte na ipapasara niya ang malaking kumpanyang pang-midya na ABS-CBN.  At nitong Hulyo 10, tinupad na ng Kongreso ang  kapritso ng nauulol nitong amo.  Sa idinaos na pagdinig ng House Committee on Legislative Franchise ng Kongreso, bumoto ang komite ng 70-11 pabor sa pagkakait ng prangkisa sa ABS-CBN, dahilan upang maipasara ang kumpanya at mawalan ng trabaho ang tinatayang 11,000 manggagawa nito.

**Pampulitikang motibo**

Ang pagkasara ng ABS-CBN ay tatak ng pasismo at pag-uulit ng mga pangyayari noong Martial Law sa ilalim ni Ferdinand Marcos.  Resulta ito ng pampulitikang paghihiganti ni Duterte sa pamilya Lopez na nagmamay-ari sa kumpanya.  Sa kanyang mga tirada laban dito, laging nababanggit ni Duterte na hindi nito inere ang kanyang *political ads*, tanda anya ng pagpabor sa ibang kandidatong presidente.  Bukod sa hindi pag-ere ng *ads* ng mga Duterte, malapit ang pamilya Lopez sa mga pamilyang Cojuangco-Aquino at Roxas.  Si Mar Roxas ang kandidato ng Liberal Party na nakalaban ni Duterte sa pagkapangulo.

Malaki ring tinik sa rehimeng Duterte ang pagsisiwalat ng ABS-CBN sa madugo at bigong gera kontra droga.  Patuloy din nitong inilalabas ang pahayag ng mga kritiko ng rehimen katulad nina Senadora Leila de Lima na ipinakulong ni Duterte, ilang kinatawan ng Liberal Party at mga progresibong organisasyon.

Bago ang ABS-CBN, nauna nang hinaras ng rehimeng Duterte ang *online media outfit* na Rappler at ang CEO nitong si Maria Ressa.  Isa ang Rappler sa masusugid na naglantad sa marahas, brutal at di makataong katangian ng gera kontra droga.

Sa nakaraang mga buwan, bumuhos ang suportang publiko para sa pagbibigay ng prangkisa sa ABS-CBN at pagsasalba sa trabaho ng 11,000 manggagawa nito. Naglunsad ang mga progresibong organisasyon kasama ang mga artista't manggagawa ng ABS-CBN ng mga aksyong protesta.  Nag-ingay ang mga *netizen* hinggil sa isyu. At nagpahayag ng pagkabahala at pagkondena ang mga organisasyon sa labas ng bansa na nagtataguyod ng karapatang pantao at sibil tulad ng Amnesty International, Uni Global Union, International Federation of Journalists in Asia-Pacific (IFJ) at iba't ibang *media watchdog*.  Maging ang US State Department ay nagpahayag ng pagkabahala sa pagpapasara sa ABS-CBN ayon sa tagapagsalita nito na si Morgan.

Kaya naman napakaraming nadismaya at nagalit sa kinahinatnan ng prangkisa ng ABS-CBN.  Itinulak nito ang ilang personahe mula sa telebisyon na magpahayag ng pagtutol sa pasismo at sumali sa mga pagkilos ng bayan noong SONA.

---

*Anong kinabukasan ang naghihintay sa mag OFW..mula sa pahina 7*

gobyerno ang inilaan nitong *one-time cash assistance* na $200 at ayudang pagkain na tiyak na ubos na sa halos kalahating-taon nang pag-iral ng *lockdown* bunga ng COVID-19.

Nagpatung-patong na nga kung tutuusin ang pinapasang suliranin ng mga OFW laluna sa Middle East—kawalan ng hanapbuhay, panganib na mahawa ng COVID-19 at pagkaipit sa gitna ng mga gera at kaguluhan. Nilaanan ng napakalaking pondo ng rehimeng Duterte ang pagpapauwi sa mga migranteng Pilipinong naiipit sa kaguluhan sa pagitan ng Saudi Arabia at Yemen, US at Iraq pero hindi pa rin ito naisakatuparan at inabot na ng *travel ban* bunga ng pandemya.

Madilim ang tanawin para sa mga OFW na mapipilitang umuwi sa bansa.  Sasahol pa ang kanilang kalagayan bunga ng malawakang disempleyo at kawalan ng oportunidad.  Makikipag-agawan sila sa iba pang manggagawa para sa anumang trabaho na magbubukas sa bansa.  Sasairin ng mataas na presyo ng mga produkto ang natitira nilang ipon, maging ang mga naipundar nilang kabuhayan.

Kung pipiliin naman nilang manatili sa ibang bansa, tiyak na lulubha ang kanilang paghihirap habang nagtitiis na malayo sa mga mahal sa buhay.  Lalong iigting ang rasismo at sobinismo laban sa mga migrante sa gitna ng kumitid na oportunidad sa hanapbuhay.  Lalo silang itutulak ng sitwasyon na kumapit sa patalim para lamang mabuhay.

Umuwi man sa Pilipinas o manatili sa ibang bansa, ibayong kahirapan ang dadanasin ng mga OFW tulad ng bilyong mamamayang anakpawis sa daigdig sa gitna ng krisis pang-ekonomya at panlipunan na pinalala ng COVID-19.  Kailangang ibayo silang magpunyagi at makiisa sa pagkilos ng lahat ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ng imperyalismo, lalo't higit sa lumalakas na proletaryong rebolusyon para itatag ang sosyalismo. K

**Pagbuwag sa oligarkiya o pagpabor sa iba?**

Limang araw matapos ang pinal na pagpapasara ng pagbibigay ng prangkisa sa ABS-CBN, nagmayabang si Duterte na nabuwag niya ang oligarkiya sa bansa kahit hindi nagdedeklara ng Martial Law. Magugunita na noong Martial Law, ginamit ding dahilan ni Marcos ang "pagbuwag sa oligarkiya" sa kanyang pagpapasara sa ABS-CBN. Inagaw rin ng gubyerno ni Marcos ang ari-arian ng mga Lopez kabilang ang Meralco.

Agad itinanggi ni Atty. Harry Roque, tagapagsalita ng Palasyo at tagapaghugas ng kamay ni Duterte, na mga Lopez ang pinatutungkulang oligarko ni Duterte. Agad itong mapapasubalian sa paglabas sa *social media* ng kumpletong rekord ng talumpati ni Duterte sa Sulu kung saan binanggit niya ang pamilya Lopez bilang target niyang oligarko.

Ang di pagtutuloy ng prangkisa ng ABS-CBN ay hindi masasabing pagbuwag sa oligarkiya, ni pagdurog sa isang pamilyang oligarko. Bagamat nawawalan ng P8-bilyong kita ang mga Lopez sa bawat araw na walang lisensya ang ABS-CBN, nakatayo pa rin ang iba pa nilang malalaking negosyo. Nariyan ang *conglomerate* nitong First Philippine Holdings na kumokontrol sa First Gen Corp., kumpanyang may hawak ng pinakamalaking negosyo sa industriya ng enerhiya sa bansa, at Rockwell Corp na kilala sa larangan ng *real estate* at komersyo. Nananatili rin ang puhunan ng mga Lopez sa Meralco at Maynilad.

Kasinungalingan at pulos boladas ang ipinagmamalaking "pagbuwag sa oligarkiya" ng rehimen dahil kung mayroon man itong ginigipit na oligarko, iyon ay para lamang bigyang pabor ang ibang burgesya kumprador na sumusuporta sa naghaharing paksyong Duterte. Tinatarget ng rehimeng Duterte ang lumang oligarko upang ipalit ang mga bagong oligarko at kroni na kaalyado ni Duterte sa Kongreso at malalaking negosyo tulad ng nasa Davao Group na malalaking sindikato sa negosyo gayundin ng mga dinastiyang pulitikal na nasa Senado at Kamara.

Halimbawa nito ang pamilya Villar na may-ari ng Camella Homes, isang malaking kumpanya ng mga subdivision sa bansa. Hinirang ni Duterte si Mark Villar, anak ni Senador Cynthia Villar, bilang Kalihim ng Department of Public Works and Highways na pumapabor sa pagtataguyod ng kanilang negosyo.

Nakikinabang din si Dennis Uy na pinakamalaking tagapondo ni Duterte sa eleksyong pampanguluhan noong Mayo 2016. Siya ang may-ari ng Phoenix Petroleum at Ditto Telecommunication, ang kumpanyang telecom na lalaban sa duopolyo ng Smart at Globe. Pag-aari ni Anthoni Salim—isang negosyanteng Indones—ng First Pacific Company, Ltd ang PLDT-Smart at tumatayong Presidente at CEO nito si Pangilinan habang pag-aari naman ng Ayala ang Globe, kapwa di pinapaboran ni Duterte. Pag-aari din ni Uy ang Dragon Resources na pinaghihinalaang magiging behikulo ng pagbili sa naiwang *media assets* ng ABS-CBN.

Sa Timog Katagalugan, namamayagpag ang mga negosyo ni Ramon Ang, pinakamalaking *shareholder* ng San Miguel Corporation at isa pang kroni ni Duterte. Ito ang nasa likod ng pang-aagaw ng malalawak na lupain sa Sariaya, Quezon at Calatagan, Batangas kung saan plano nitong magtayo ng *coal-fired thermal power plant* at pagawaan ng semento at alak.

Kailangang pawiin ang ilusyong ikinakalat ng rehimeng Duterte na kinakalaban niya ang mga oligarko sa bansa. Ang pamilyang Duterte ngayon ang pinakamamasiba at pinakagahamang oligarko at dinastiyang pulitikal sa Pilipinas. Si Duterte ang bagong patron ng sandakot na mga oligarkong nag-aagawan sa kumikitid na madarambong sa bayan. Sinasamantala pa ng mga ganid ang kalagayang may pandemya para higit na lumaki ang dadambungin sa mamamayan sa pondong ilalaan sa mga gastusing pangkalusugan para sa mamamayan ngayon at sa susunod na taon.

**Mapanlabang tungkulin ng sambayanan**

Marapat na patampukin ang pagpapasara sa ABS-CBN bilang panibagong banta at atake sa batayang kalayaang magpahayag. Kung nagawa ni Duterte na patigilin ang pagbobrodkas ng isang higanteng kumpanya, paano pa kaya ang maliliit na samahang pang-midya at lalo pa ang mga indibidwal na naglalabas lamang ng hinaing sa gubyerno? Ultimong layunin ng rehimen na takutin ang mamamayan at pigilan ang pagpapahayag ng kritisismo laban sa balat-sibuyas na gubyerno.

Sa halip na umatras, walang ibang dapat gawin ang taumbayan kundi lumaban. Ang pagsikil sa kalayaang magpahayag ay mainam na tungtungan upang mabigkis ang mas malapad na hanay ng mamamayan kontra pasismo at terorismo ng estado upang paalingawngawin ang panawagan na lansagin ang itinatayong diktadura ni Duterte. Patutunayan nito na anumang gawin ni Duterte, hindi niya kakayaning busalan ang pinagsama-samang boses ng taumbayan na naghuhumiyaw para itindig ang isang gubyernong tunay na magtataguyod sa mga batayang demokratiko at pambansang interes ng mamamayan. K




**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit dapat tutulan ang jeepney modernization lalo ngayong panahon ng COVID-19?

Marapat lamang na tutulan ng mamamayang Pilipino ang *jeepney modernization* o *jeepney phaseout*. Ito'y malinaw na anti-mamamayan at pro-kapitalistang pakana ng pasistang rehimeng US-Duterte upang magkamal ng malalaking tubo at interes ang mga kasapakat at kasosyo nitong mga burgesya kumprador at dayuhang negosyante sa sektor ng transportasyon. Hindi ito ang tipo ng programang modernisasyon ng mga *jeep* na tutugon sa pagpapaunlad ng mga istruktura sa sektor ng transportasyon, lalo na ang kakulangan sa sistema ng pampublikong transportasyon o *mass transport system* sa bansa. Ang *jeepney modernization* na ipinatutupad ng rehimeng Duterte ay isang napakalaking negosyo na pagkakakitaan ng malalaking negosyante lalo sa gitna ng krisis ng COVID-19. Isang panibagong kontra-mahirap na programa ng pangkating Duterte na kikitil sa hanapbuhay ng daang libong mga drayber at maliliit na opereytor sampu ng kanilang mga pamilya.

Nang lumuwag ang *lockdown* tungong General Community Quarantine (GCQ) noong Hunyo 1, umasa ang maliliit na drayber na kumita muli kahit kaunti. Sa ilalim ng GCQ, 50% lamang ng kapasidad ng mga pampublikong sasakyan ang pinapahintulutang sakyan ng mga mananakay upang diumano'y maipatupad ang *physical distancing protocol.* Subalit nabigo ang malawak na bilang ng mga drayber at opereytor sa bansa sa kanilang inaasam-asam na makabalik sa pamamasada. Kumbaga, wala na nga silang makain sa panahon ng *total lockdown,* hindi pa rin sila nabigyan ng pagkakataong maghanapbuhay kahit sa panahon ng GCQ. Tanging mga *e-jeep* ang pinahintulutan ng rehimen na mamasada. Ang ibang *public utility vehicles* (PUVs) ay kailangan munang dumaan sa butas ng karayon sa pagkuha ng *permit* upang makapamasada. Hindi rin lahat ng mga tradisyunal na ruta ng mga namamasadang *jeep* sa kalakhang Maynila ang ibinukas ng gubyerno.



Ang *jeepney modernization* ay malinaw na pakana ng rehimeng Duterte para ilusot ang *jeepney phaseout* at iskema ng korporitisasyon na kikitil sa kabuhayan ng halos kalahating milyong drayber ng *jeep* at mga maliliit na opereytor sa bansa. Dagdag pang pahirap ang kagutumang ihahatid nito sa milyong mamamayang nakaasa sa sektor ng transportasyon para mabuhay. Higit na pinalala pa ito ng pandemya kung saan hindi rin nabibigyan ng regular na subsidyo ang mga drayber na hindi makapamasada sa panahon ng *lockdown*. Marami sa kanila ang naobligang "mamalimos" sa mga lansangan dahil sa wala o kundi man kulang na kulang ang natanggap nilang ayuda mula sa gubyerno para ipantustos sa nagugutom nilang mga pamilya.

Ayon sa Pinagkaisang Lakas ng mga Tsuper at Opereytor Nationwide (PISTON), sa 535,319 drayber sa buong bansa, 22,000 pa lamang ang nakakatanggap ng subsidyo sa anyo ng SAP at karamihan pa ng mga benepisyaryo ay mula lang sa National Capital Region (NCR).

Ang kakulangan sa mga namamasadang *jeep* sa mga mayor na ruta ng transportasyon ay nagbunga ng malaking perwisyo sa libu-libong manggagawa at propesyunal na naghahangad na bumalik sa kani-kanilang trabaho matapos ang mahabang panahong lockdown. Kulang na nga sa bilang ng mga PUVs, limitado pa ang kayang isakay na mananakay bilang pagtupad sa *physical distancing*. Resulta nito ang hindi maiwasang mag-umpukan, mag-agawan at mag-unahan sa pagsakay. Dahil dito, lalong pinatataas ang posibilidad at risgo sa paglaganap ng COVID-19 mula sa mga nagtitipon-tipon at mahabang pila ng mga pasaherong nag-aabang ng masasakyan.

Ang kapalpakan ng rehimen na isaayos ang sistema ng transportasyon at ang pilit na paglusot ng *jeepney modernization* habang may pandemya ay katangian ng isang bulok at inutil na estado. Malaking kriminal na kapabayaan ito hindi lamang sa mga drayber at maliliit na opereytor kundi sa mamamayan. Pinalala pa ni Duterte ang malaon nang krisis sa transportasyon na iniinda ng mga drayber at pasahero, laluna sa Metro Manila at mga karatig probinsya sa Timog Katagalugan at Gitnang Luzon.

Ang kawalang kahandaan at plano ng rehimen sa pagluluwag ng *lockdown* para sa muling pagpapasigla ng ekonomya ay palatandaan ng isang inutil na estadong nagkukumahog na isalba ang sarili sa kinakaharap na krisis ng bayan at galit ng taumbayan.

Hindi palooko ang mamamayan sa mabubulaklak na salita ng rehimen tulad ng "modernisasyon" at "kaunlaran". Walang hangarin si Duterte na paunlarin at gawing moderno ang sektor ng transportasyon sa bansa. Sinasamantala niya ang panahon ng pandemya para mabilis na maisagawa ang jeepney *phaseout* at tuluyang maipatupad ang Jeepney Modernization Act sa katapusan ng 2020.

Ang krisis sa transportasyon ng bansa ay iniresulta din ng pagtalikod ng reaksyunaryong gubyerno sa tungkulin nitong isaayos at pamahalaan ang sektor ng transportasyon bilang serbisyong panlipunan at pampublikong utilidad. Bago pa man ang COVID-19, kinaharap na ng sambayanan ang matinding trapiko sa kalunsuran. Samantala kulang at bulok ang imprastraktura sa transportasyon sa kanayunan. Ito ay dahil sa ang mga namamahala sa pagtiyak ng mga istruktura para sa transportasyon ay ang iilang mayayamang pamilya sa bansa. Tiyak na interes din ng mga pamilyang ito ang uunahin ni Duterte sa "modernisasyon" ng mga *jeep* lalo't ang bawat *e-jeep* ay nagkakahalagang P2-3 milyon.

Hindi tayo tutol sa modernisasyon ng *jeep* o iba pang sasakyang pampubliko. Subalit ang anumang modernisasyon na gagawin sa pampublikong transportasyon ay dapat naglilingkod at para sa kapakinabangan ng sambayanang Pilipino at hindi ng iilang mayayaman at dayuhan. Ang pampublikong transportasyon ay isang serbisyong panlipunan at hindi dapat ipinapasa ng gubyerno sa pribadong negosyo ang pagpapatakbo at pagkontrol dito.

Ang kailangan ng sambayanan ay isang episyente at maayos na sistema ng *public mass transport* para sa maalwan at mabilis na byahe. Sa kasalukuyang atrasado at pre-industriyal na katangian ng bansa, hindi lamang mga sasakyan ang kinakailangang gawing moderno kundi pati mga imprastruktura para sa transportasyon hanggang sa kanayunan. Subalit magkakaroon lamang ito ng kaganapan sa panahon ng tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan at sa kagyat na pagpapatupad ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.




Sa panahon ng tagumpay, titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan ang nasyunalisasyon ng sektor ng transportasyon. Estado ang magpaplano at magpapatakbo ng pampublikong transportasyon upang matiyak na kung hindi man libre, gagawing abot-kaya, ligtas, mabilis at maayos ang biyahe ng mamamayan. Uunahin ang interes ng mga pasahero at drayber kesa sa mga negosyante sa industriya ng transportasyon. Ipatutupad nito bilang serbisyo ang pampublikong transportasyon at hindi bilang negosyo.

Isasaayos ang mga pampublikong sasakyan, sa tulong ng mga lokal na manupaktura, na kinakailangan ng mamamayan kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Lilikha rin ang gubyernong ito ng mas maraming trabaho upang ang mga mala-manggagawa tulad ng mga drayber ay magkaroon ng regular na pagkukunan ng hanapbuhay. Isasaayos ang mga ruta ng transportasyon tulad ng mga kalsada at riles para sa pagluluwag ng trapiko.

Sa panahon ng mga kalamidad, tulad ng kasalukuyang pagtama ng COVID-19, tungkulin ng gubyernong bayan na pakilusin ang buong lakas ng mamamayan at ihatid ang kakayaning tulong sa mga nasalanta at naapektuhan. Mangangalap ng tulong para ibigay sa mga pinakanangangailangan mula sa taumbayan, kabilang na ang mga drayber, sa panahong hindi sila makakapaghanapbuhay.

Ang pagsasaayos ng sistema ng pampublikong transportasyon ay isa sa mga susi sa pagpapasigla ng ekonomya ng bansa. Pinabibilis nito ang daloy ng mga produkto at paghahatid ng mga pangangailangan at serbisyo sa mamamayan. Pinasisigla ang komersyo at pinag-uugnay ang malalayong kanayunan at sentro ng komersyo sa kalunsuran. Inihahatid rin nito ang mga pwersa sa paggawa ng bayan tungo sa mga pook ng trabaho. Tulad ng iba pang serbisyong panlipunan, ang serbisyo sa transportasyon ay maisasaayos at magagawang moderno sa ganap na paglaya ng bansang Pilipinas mula sa kuko ng Imperyalismo at sa pagwasak sa estado ng mga lokal na naghaharing-uri. Sa tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, maipatutupad at magagawang posible ang isang sosyalisadong sistema sa transportasyon. K



# SONA ni Duterte, sinalubong ng protesta sa Timog Katagalugan

Hindi natinag ng mga *checkpoint* at ng mga buladas ni Duterte ang pursigidong mamamayan ng Timog Katagalugan na lumahok sa pagkilos sa nakaraang SONA ni Duterte at manawagang wakasan na ang pasista at mapanupil na rehimen.




Kasabay ng ikinasang malawakang protesta sa buong bansa, naglunsad ng mga kilos protesta ang daan-daang mamamayan sa iba't ibang bahagi ng TK noong Hulyo 27, araw ng ikalimang SONA ng pasistang rehimeng Duterte. Pinangunahan ito ng Bagong Alyansang Makabayan - Timog Katagalugan (BAYAN-TK) at ng iba pang samahang kaalyado nito.

Naging sentro ng mga protesta sa rehiyon ang makasaysayang Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños (UPLB), na nilahukan ng nasa mahigit na 300 indibidwal. Dito inihayag ang kalagayan ng Timog Katagalugan mula sa mga naging biktima at mismong apektado ng mga patakaran ng rehimeng US-Duterte.

Ibinandila sa pagkilos, na pinamagatang "Kilos Katagalugan, Labanan at Biguin ang Pasistang Rehimeng US-Duterte"! Itakwil ang Anti-Terror Law!", ang mga pahayag at saloobin ng bawat organisasyon sa ikaapat na taon ni Duterte. Militante ring ipinanawagan dito ang pagbabasura sa Anti-Terror Law at kinundena ang hibang at palpak nitong tugon o di pagtugon sa pandemyang COVID-19.

Sentral na isyu sa mga kilos-protesta ang dumaraming paglabag sa karapatang pantao dulot ng hibang na gera laban sa terorismo ng rehimen habang puo-puong libong mamamayan sa rehiyon ang dumaranas ng kagutuman at kawalan ng kabuhayan dahil sa militaristang pagharap sa pandemya.

Kahit saan tumingin, kaliwa't kanan ang marahas na atake sa mamamayan. At tulad ng isang pasistang diktador, lahat ng solusyon ni Duterte sa anumang problema ng bansa ay militaristang solusyon. Pinuno niya ng mga dating militar ang ehekutibong sangay ng gubyerno kaya naman ang suliraning pangkalusugan na bumabalot ngayon sa bansa at sa daigdig ay malabis na umasa sa solusyong militar sa halip na pagtuunan ang pagpapalakas ng kakayanan ng sektor pangkalusugan at kaugnay na mga serbisyo tulad ng malawakang libreng pagsusuri *(mass testing)* at pag-aaruga sa maysakit upang masawata ang mabilis na paglaganap ng nakamamatay na *virus*.

Sa naganap na protesta inilarawan si Duterte bilang isang "Dutertevirus". Anila, si Duterte ay isang epidemyang matagal nang nananalasa sa bayan, na siyang sanhi rin ng mas matinding mga pasakit at pagpapahirap sa buong bayan.

Kinundena ng BAYAN-TK ang malawakang pang-aaresto at pagtugis sa mga aktibista at mga kritiko ng rehimen ni Duterte. Ilan dito ay ang sapilitang pag-aresto at di-makataong pagtugis sa anim na magsasaka sa Coral ni Lopez, Calaca, Batangas at ang pananakit at pag-aresto sa 11 aktibistang naglunsad ng protesta sa Brgy. Pulo, Cabuyao, Laguna. Dalawa sa Cabuyao 11 ang nagpositibo sa COVID-19 matapos silang ikulong ng PNP Cabuyao at ng 2nd Infantry Division ng AFP sa siksikang bilangguan.

Bukod sa malawakang pasistang atake sa rehiyon, iniabante rin ng mga nagpoprotesta ang isyu ng pagpipilit ng korporatisasyon ng mga jeepney at kawalang-kabuhayan ng mga *jeepney driver*; paninindak at pagsasabwatan ng malalaking kapitalista, pulis at militar upang wasakin ang mga militanteng unyon; pagpapabaya sa mga manggagawang pangkalusugan, mga doktor at nars; at pagpapasara sa ABS-CBN at pag-atake sa Rappler at iba pang mga alagad ng midya.

"Sobra-sobra na ang nararanasang pasakit ng mamamayan mula sa pandemya at sa matinding kriminal na kapabayaan ng rehimeng US-Duterte. Sa halip na bigyan ng sapat na ayuda at kabuhayan ang mga

# 88 aktibistang magpoprotesta sa SONA, hinaras ng PNP

Hinarang at bininbin sa iba't ibang *checkpoint* ng Philippine National Police (PNP) sa TK ang 88 aktibista na lalahok sana sa aksyong protesta na tinaguriang Kilos Katagalugan sa UP Los Baños noong Hulyo 27, araw ng SONA.

Bagamat nakapaloob na sa General Community Quarantine (GCQ) ang kalakhan ng rehiyon — na nagpapahintulot sa mas maluwag na paggalaw sa pagitan ng mga probinsya — hinarang pa rin sa mga *checkpoint* ang mga aktibista. Palasak na ginawang dahilan ng mga pulis ang kawalan diumano ng mga *travel pass* at pagiging "*non-essential activity*" ng protesta.




Pinahinto ng mga pulis sa checkpoint sa Brgy. Maduya, Carmona, Cavite ang 65-kataong delegasyon mula sa BAYAN Cavite, Anakbayan Cavite at Katipunan ng mga Samahan ng Magbubukid sa Timog Katagalugan na papuntang UPLB para sumali sa protesta. Katatapos lamang na maglunsad ng nasabing delegasyon ng kilos protesta noong umaga sa Dasmariñas, Cavite na nilahukan ng iba't ibang sektor mula sa mga manggagawa, magsasaka, kabataan, manggagawang pangkalusugan at aktibistang pangkultura.

Lampas sa tatlong oras silang bininbin ng mga pulis bago sinabihang kailangan nila ng *travel pass* para makabiyahe. Dahil hindi na rin makakahabol sa kilos protesta sa UPLB ay doon na lamang sa harap ng Carmona Police Station sila naglunsad ng protesta at saka bumalik at naglunsad ng *protest caravan* sa mga bayan-bayan hanggang Bacoor City.

Samantala, 23 aktibista mula sa dalawang magkahiwalay na insidente ang nabiktima ng panghaharas ng mga pulis sa tsekpoynt malapit sa Camp Macario Sakay, Los Baños, Laguna. Ayon sa mga biktima, bininbin sila sa *checkpoint* upang hindi sila makadalo sa aksyong protestang kasabay ng SONA.

Sa unang insidente, sinita sa *checkpoint* ang *jeep* ng pitong aktibista na lalahok sa protesta sa UPLB. Hiningan sila ng ID at *travel pass*, at pinilit din ng mga pulis ang kanilang drayber na dalhin sila sa istasyon ng pulis ng munisipyo. Isang oras na bininbin ang mga aktibista sa istasyon ng pulis bago inihatid sa labas ng bayan.

Labing-anim na tao naman mula sa Quezon ang naging biktima ng ikalawang insidente. Kabilang dito ang mga miyembro ng isang samahang pang-midya na magdodokumento ng pagkilos sa UPLB. Sinabihan sila ng mga pulis na umuwi na lamang o makulong kung magpupumilit silang tumuloy sa protesta. Mahigit isang oras silang bininbin ng mga pulis sa *checkpoint*.

Talamak ang panghuhuli at panghaharas ng PNP sa buong bansa sa araw ng SONA. Bibilang sa halos 150 aktibistang lalahok o lumahok sa protesta sa SONA ang naitalang hinuli ng mga pulis. K

---

*SONA ni Duterte... mula sa pahina*

nawalan ng trabaho, pinapatay na lamang sa gutom at *virus* ni Duterte ang taumbayan," ayon kay Casey Cruz, tagapagsalita ng BAYAN-TK at kabilang din sa Cabuyao 11.

Samantala, naglunsad din ng kilos-protesta ang iba't ibang mga organisasyon sa lalawigan ng Cavite sa lungsod ng Dasmariñas. Dito inihayag ng mga organisasyon sa probinsya ang kalagayan ng mga sektor at komunidad sa loob ng apat na taon ng rehimen ni Duterte.

Ipinatupad at sinunod ang mga *health and safety standards* sa kilos-protesta upang matiyak na maiwasan ang pagkahawa-hawa at pagkalat ng COVID-19. Tiniyak ang pagsusuot ng mga *face masks,* namigay ng *libreng alcohol* at nilagyan ng palatandaan ang pwesto ng bawat indibidwal bilang gabay sa *physical distancing*. K



BALITANG TO



## Serye ng opensiba sa Palawan, bumigwas sa pasistang AFP-PNP

Binigwasan ng Bienvenido Vallever Command - BHB Palawan ang mga pasistang tropa ng PNP-Palawan at Western Command ng AFP sa tatlong taktikal na opensiba ngayong buwan. Iniinda ngayon ng AFP-PNP ang anim na kaswalti sa kanilang hanay sa gitna ng kanilang pagmamayabang sa mga nakamit ng kampanyang JTF-Peacock.

Matagumpay na inambus ng isang tim ng BHB Palawan ang isang yunit ng 3rd MBLT sa Sitio Ibangley, Brgy. Abongan, Taytay noong Hulyo 13, alas tres ng hapon. Lulan ng *10-seater army jeep* ang mga elemento ng 3rd MBLT na bumabyahe papunta sa operasyon laban sa BHB.

Nasawi sa ambus si Private First Class Christian Cuarto habang tatlo naman ang sugatan na sina Corporal Marlon Escobar, Corporal Rumuel Redondo at Corporal Charlie Carurucan. Samantala, walang anumang kaswalti sa hanay ng mga kasama.

Bago pa ito, Hulyo 12, 6:30 ng umaga, pinaputukan ng parehong yunit ng BVC ang isang *police patrol car* lulan ang Chief of Police ng PNP-Dumaran na si Capt. Erwin Carandang at ang kasama nitong si Corporal Mark Russel Evangelista sa kahabaan ng kalsada ng Brgy. Abongan. Si Capt. Carandang ay malaon nang inirereklamo ng mga residente ng Dumaran sa madalas na pangongotong sa kanila.

Samantala, noong Hulyo 20 bandang 1:40 ng hapon, matagumpay namang pinarusahan ng isang tim ng BVC ang mga elemento ng 4th MBLT habang pauwi ang pasistang tropa mula sa pag-ooperasyon sa Brgy. Aribungos, Brooke's Point. Inamin lamang ng WESCOM ng AFP na malubhang nasugatan si PFC Christopher dela Cruz na namatay din sa ospital.

Subalit apat ang napatay sa mersenaryong tropa mula sa ulat na ipinarating ng mga residente sa yunit ng hukbong bayan. Ayon sa kanila, "dalawang nakabalot na patay ang isinakay sa *helicopter* at may nakita pang isang patay na sundalo kinabukasan sa sapa na kinukunan ng tubig."

Wala namang naging pinsala sa hanay ng mga Pulang mandirigma.

Tuwang-tuwa ang masa dahil naparusahan ng hukbong bayan ang mga pasistang sundalo na nanira sa kanilang mga kaingin.

Ayon kay Salvador Luminoso, tagapagsalita ng BVC, "Ang mga opensiba laban sa AFP-PNP sa isla ay tugon sa kaliwa't kanang reklamo ng mamamayan sa mga pang-aabuso ng berdugong tropa at sa mga kaso nito ng panggigipit, pananakot, pambubugbog, pambabastos sa kababaihan at panununog ng kaingin. Seryoso ang BHB-Palawan sa sinumpaang tungkulin nito ng lubos na paglilingkod sa masang Palaweño.”

BALITA

## Tulong Paslit, namahagi ng ayuda sa Kasiglahan Village sa kabila ng patuloy na militarisasyon ng 80th IBPA

Matagumpay na nailunsad ng Task Force Children of the Storm (TFCOS) ang Tulong Paslit Project sa Kasiglahan Village, Rodriguez, Rizal noong Hulyo 8 sa gitna ng panliligalig ng 80th IBPA kasapakat ang NTF-ELCAC sa komunidad.

Tinatayang 100 bata at kabataan ang nabigyan ng *relief packs* ng Tulong Paslit. Labis ang pasasalamat ng mga magulang higit lalo ngayon na humaharap ang buong bansa sa krisis dulot ng COVID-19.

Laman ng *relief packs* ang bigas, de lata, *noodles,* kape, asukal, gamit pangkalinisan at mga bitamina. Mayroon ding kalakip na *children’s worksheets* na maaring paglibangan at mapag-aralan ng mga bata habang hindi pa sila nakakabalik sa eskwela.

Sa konsultasyon sa mga residente, ibinukas nila ang labis na kahirapang nararanasan dulot ng apat na buwang kawalan ng trabaho at mapagkakakitaan sa panahon ng *lockdown.* Gayundin, ibinahagi nila ang takot bunsod ng militarisasyon sa kanilang komunidad at pagbabanta ng lokal na pamahalaan ng Brgy. San Jose na sila ay palalayasin at gagawin na lamang sementeryo ang kanilang mga pabahay.

Iniulat din ng lokal na organisasyong SIKKAD-K3 na sukdulan ang paniniktik ng NTF-ELCAC sa kanilang mga miyembro. Bago pa man ang militaristang lockdown na ipinatupad ni Duterte, regular nang namamataan ang mga nanghihimasok at nagkakampong militar at pulis sa kanilang pamayanan. Iginigiit ng pasistang 80th IBPA at PNP R4A na dapat sumuko ang mga lider ng SIKKAD-K3 na pinaparatangang kasapi ng BHB. Kapalit umano ng pagsuko ay ang panunuhol para sa katiyakan sa pabahay at iba pang serbisyong panlipunan tulad ng tubig at kuryente.

“Kung kami nga hong mga magulang, matatanda ay natatakot na presensya ng armadong pulis at militar eh, ano pa ho kaya yung aming mga anak na walang kamuwang-muwang at nakikita ang mahahabang baril na dala nila?”, ani Anne Fe Cainglet, pangulo ng SIKKAD-K3.

Para kay Anna Fe at iba pang mga

# Bigong tanim-ebidensya ni Duterte: Mga kaso laban sa Calaca 6, naibasura na!




Opisyal nang naibasura ang mga gawa-gawang kaso laban sa anim na magsasaka at opisyales ng Barangay Coral ni Lopez noong Hulyo 27 matapos ang mahigit dalawang buwang pagkakapiit. Sinampahan sila ng kasong Illegal Possession of Firearms and Explosives maliban kay Brgy. Secretary Virgilio Vidal na Illegal Possession of Firearms lamang. Sa tulong ng Karapatan-Timog Katagalugan, nakapagpyansa si Vidal noong Hunyo 2, samantalang nanatiling nakapiit pa rin ang lima dahil sa mga *non-bailable* nilang kaso.

Ayon sa Regional Trial Court-Balayan, Batangas, *invalid* ang *search warrant* na hinain sa Calaca 6 dahil sa iregularidad sa pang-aaresto. Una, walang awtoridad si Judge Cynthia Mariño-Blanca ng Regional Trial Court-Sta. Cruz, Laguna na maglabas ng *search warrant* labas sa kanyang nasasakupan maliban na lamang sa mga nakapanghihimok na sitwasyon at kung mayroong sapat na dahilan at katwiran, na malinaw na hindi nakita ng naghuhukom na korte.

Ikalawa, hindi nakasaad sa mga *search warrant* ang eksaktong lugar na pinagtaguan umano ng mga armas at eksplosibo. Ito ang mga batayan sa *quashal* ng nasabing *search warrant* at *case information* na naging daan upang ideklarang iligal ang pang-aresto at mabasura ang mga kaso laban sa Calaca 6.

Inaresto ang Calaca 6 noong Mayo 10, habang nasa ilalim pa ng Enhanced Community Quarantine ang probinsya ng Batangas. Nilusob ng hindi bababa sa 300 armadong elemento ng Special Weapons and Tactics (SWAT), Philippine National Police (PNP), Criminal Investigation and Detection Group (CIDG), Philippine Air Force (PAF) ang bahayan sa Sitio Santulan, Brgy. Coral ni Lopez sa bayan ng Calaca sa pagitan ng alas-12 at ala-1 ng madaling araw. Nag-resulta ito sa iligal na pagkaka-aresto at pagkakakulong nina Brgy. Konsehal Leovino Jolongbayan Jr., Brgy. Secretary Virgilio Vidal, Roilan Tenorio, Doroteo Bautista, Julie Jolongbayan, at Marcelo Vidal. Lahat ng mga nabanggit ay mga myembro ng Samahan ng mga Magbubukid sa Coral ni Lopez (SAMACOLO).

Ang pangyayaring ito ay nagdulot ng *trauma* sa mga residente ng komunidad, ayon sa imbestigasyon at *fact-finding mission* na pinangunahan ng Karapatan-TK.

Inatake ng AFP-PNP ang Sitio Santulan habang himbing na natutulog ang mga residente. Lumitaw ang kanilang sistematikong panghaharas sapagkat sa lahat ng bahay na pinuntahan, mas nauna ang pang-aaresto bago ang paghahalughog. Hindi nito sinunod ang tamang pamamaraan sa paghain ng *search warrant*. Dagdag pa, ilang bahay na hindi kabilang sa mga may *search warrant* ang hinalughog.

Nagsagawa rin ang Karapatan-TK ng *counseling* sa pamilya at iba pang residente na lubos na naapektuhan ng pangyayari. Nagsagawa rin ng *cultural consolidation activity* upang mapalakas ang loob ng mamamayan na ipagpatuloy ang kanilang laban para sa kanilang karapatan sa lupa. Naghandog din ang tim ng *relief goods* at lutong pagkain sa mahigit 100 pamilya sa baryo.

Sa proseso, kagyat na sumangguni ang binuong *paralegal team* sa iba't ibang pormasyon ng mga abugado. May naitala nang ilang tipo ng pagbabanta, intimidasyon at *harassment* dulot ng mga militar na minsan nang humimpil malapit sa kanilang komunidad.

Taong 2016, ang naturang komunidad ay nakaranas ng harasment mula sa mga pwersang militar at binansagan silang mga "NPA sa gabi". Sumunod ang serye ng pagbabanta noong 2018 kung saan nagtayo ng kampo at ginawang himpilan ang baryo ng pinagsanib na pwersa ng PNP, PAF, at Philippine Army. Nagbanta din ang mga sundalo na nakalista na umano ang pangalan ng mga residente sa "Order of Battle" hitlist.

Mula pa noong dekada '70 ang pakikibaka ng SAMACOLO sa lupaing inaangkin ng pamilyang Lopez. K

---

*Tulong Paslit...mula sa pahina*

magulang, ang nais lamang nila ay seguridad sa panirikan, kabuhayan at maayos na kinabukasan para sa kanilang mga anak. Anila, hindi nila maunawaan kung bakit tatawaging terorismo at pagrerebelde ang paghahangad nilang mapabuti ang kanilang katayuan sa buhay.

Nanawagan ang mga taga-Kasiglahan Village sa mga kongresista na imbestigahan ang nagaganap na militarisasyon at *red-tagging* sa kanilang komunidad. Nais din nilang magkaroon ng *psychosocial activities* at *debriefing* para sa mga batang labis ang pagkatakot dahil sa patuloy na militarisasyon.

Ang Tulong Paslit Project ay pinangungunahan ng TFCOS, Gabriela Women's Party (GWP) at sinusuportahan ng Province of West Flanders, Belgium sa pakikipagtulungan ng Ugnayan ng mga Pilipino sa Belgium (UPB). K

# Pulang pagpupugay kay Kasamang Fidel V. Agcaoili, rebolusyonaryong martir at tunay na bayani ng sambayanang Pilipino!


Patnubay de Guia

Tagapagsalita, National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog

Hulyo 24, 2020

Nagluluksa at nagdadalamhati ang pamunuan ng National Democratic Front of the Philippines-Southern Tagalog (NDFP-ST), sampu ng mga kasaping organisasyon nito at buong rebolusyonaryong mamamayan ng rehiyon sa biglaang pagpanaw ni Kasamang Fidel V. Agcaoili, pinuno ng NDFP Negotiating Panel para sa usapang pangkapayapaan sa Government of the Republic of the Philippines (GRP).

Namatay si Kasamang Fidel sa ganap na 12:45 ng hapon, Hulyo 23, 2020 sa Utrecht, The Netherlands dahil sa *massive internal bleeding* due to *pulmonary arterial rupture*. Ang pagkamatay ni Kasamang Fidel ay walang kaugnayan sa pandemyang Covid-19 ayon sa mga doktor sa ospital na pinagdalhan sa kanya. Dadalhin sa bansa ang kanyang mga labi alinsunod sa kahilingan ng kanyang mga mahal sa buhay. Nakatakda sanang magdiwang si Ka Fidel ng kanyang ika-76 na kaarawan sa Agosto 8, 2020.




Ipinararating ng NDFP-ST ang lubos nitong pakikiramay at pakikidalamhati sa naulila niyang asawa, mga anak, mga apo at iba pang mga mahal sa buhay.

Nakilala si Ka Fidel bilang pinakamatagal na bilanggong pulitikal sa ilalim ng batas militar ng diktadurang Marcos. Dumanas siya ng iba't ibang uri ng tortyur at pinakamalulupit na pagpapahirap bilang bilanggong pulitikal sa ilalim ng lantarang pasistang paghahari ng rehimeng US-Marcos. Subalit nabigo si Marcos sa kanyang hangaring igupo ang matatag na paninindigan ni Kasamang Fidel hanggang siya'y makalaya matapos ang makasaysayang pag-aalsang bayan sa EDSA nuong Pebrero 1986 na nagpabagsak kay Marcos at mailuklok sa kapangyarihan si Gng. Cory Aquino.

Subalit higit na nakilala si Ka Fidel sa kanyang malalim at pambihirang dedikasyon sa pagtataguyod at pagsusulong ng rebolusyonaryong pagbabago sa bansa alinsunod sa pambansang kalayaan at demokrasya na may sosyalistang perspektiba. Sa ilang dekadang nagdaan, patuloy at walang patlang niyang isinulong at ipinaglaban ang kapakanan at kagalingan ng sambayanang Pilipino mula nuong siya'y nasa kilusang lihim, habang nasa loob ng bilangguan, sa gawaing internasyunal at usapang pangkapayapaan. Siya ang kasamang napakataas ang diwang taglay sa usapin ng paglilingkod sa mga pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan hindi lamang sa ating bansa kundi maging sa ibang panig ng daigdig bilang nasa pamunuan ng NDFP.

Bilang kagawad, at lumaon naging pinuno ng NDFP Peace Panel para sa usapang pangkapayapaan sa GRP, mahigpit niyang pinanghawakan ang mga saligang prinsipyong gumagabay sa usapang pangkapayapaan para labanan at biguin ang mga maniobra at pagtatangka ng GRP na itransporma ang usapang pangkapayapaan tungong kapitulasyon at pagsuko ng rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang si Ka Fidel sa NDFP Negotiating Panel sa unang tagumpay nitong nakamit sa usapang pangkapayapaan sa GRP sa pamamagitan ng makasaysayang The Hague Joint Declaration of 1992 na nagsilbing pangkalahatang balangkas na gumagabay sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP at iba pang mahahalagang kasunduan na kailangan para sa matagumpay na negosasyon. Sa proseso, naigiit at naipagtagumpay ng NDFP Peace Panel na mabuo at mapagtibay ng NDFP at GRP ang Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law

(CARHRIHL) noong 1998 na una sa apat na substantibong adyenda sa usapang pangkapayapaan.

Nakapanghihinayang na mawalan ng isang matatag na kasama, matapat at respetadong rebolusyonaryong lider na katulad ni Ka Fidel na walang kapagurang ginugol ang kanyang buong buhay para ipaglabang makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya sa bansa. Ganunpaman, naniniwala ang NDFP-ST na marami pang katulad ni Ka Fidel Agcaoili sa hanay ng rebolusyonaryong kilusan sa bansa na handa at nasa pusisyon para punuan ang gawaing naiwan ni Ka Fidel sa NDFP.

Nawala man si Ka Fidel sa ating piling, nag-iiwan naman siya ng alaala na walang katulad ang bigat at halaga sa aral at kadakilaaan. Isang pamana at ala-alang punong-puno ng kabayanihan at kadakilaan na kailanman ay hindi malilimutan hanggang sa mga susunod na henerasyon ng mga rebolusyonaryo. Ang kanyang buhay at pakikibaka ay magsisilbing dagdag na inspirasyon ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan sa patuloy nitong pagsisikap na dalhin ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa rehiyon sa isang bago at mas mataas na antas.

Paalam, Kasamang Fidel. Salamat sa iyong ginintuang pamana ng kabayanihan at kadakilaan. Ang iyong bantayog ng kabayanihan ay matatag nang nakatindig sa puso't damdamin ng sambayanang Pilipino na labis mong minahal at pinaglingkuran.

Pulang pagpupugay kay Kasamang Fidel V. Agcaoili, dakilang kasama, matapat at huwarang rebolusyonaryong lider!

Ibaling ang pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan at ibayong determinasyon na isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan hanggang sa ganap na tagumpay!

***Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!***

***Mabuhay ang Communist Party of the Philippines!***

***Mabuhay ang New People's Army!*** K

PARANGAL

## *Isang magiting na mandrigma, mapagpamahal na anak, kaibigan at kasama*

# Pagpupugay kay Ka Gabby, dakilang martir ng sambayanan!

Ang mamamatay nang naglilingkod sa masang inaapi at pinagsasamantalahan ay simbigat ng bundok ng Naapog, samantalang ang naglilingkod sa mga pasista at mapang-api ay singgaan ng balahibo." Ganito ang naging kamatayan ng ating mahal na kapatid, kaibigan at kasama na si Lito Buyayao Mogmog o mas kilala bilang Ka Albyur o Gabby.

Si Ka Gabby ay isang mahusay na mandirigma at opisyal ng hukbong bayan. Inilaan niya ang mahigit tatlong taon ng kanyang buhay sa buong pusong palilingkod sa sambayanan. Naging Kagawad siya ng Komiteng Seksyon sa Platun at tumatayong iskwad lider sa mga iskwad ng hukbong bayan bago siya napaslang.

Namartir si Ka Gabby noong Hunyo 4 kasama si Lorelyn "Ka Fara" Saligumba. Nasugatan siya sa pakikipaglaban sa mga tropa ng 76th IBPA sa Brgy. Mangangan 2, Baco, Oriental Mindoro. Nakaatras siya mula sa pinagkubkuban sa kanilang tim subalit natunton din siya ng kaaway sa karatig na sagingan. Pinaslang siya kahit wala nang kakayahang lumaban at iniwan na lamang ang kanyang bangkay.

Nagmula si Ka Gabby sa uring magsasaka at pambansang minorya, binata, ipinanganak noong Marso 14, 1997 at nagmula sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro.

Mula sa pagiging kabataan ay nakita niya ang kalagayang kinasadlakan ng pamilya at ng marami pang inaapi at pinagsasamantalahan. Bilang kabataan sa baryo pinangunahan niya ang kapwa kabataan para sa tulungan at paglahok sa mga gawain sa pagtataguyod sa armadong pakikibaka. Inspirasyon siya ng iba pang kabataan sa kasigasigan sa pagtataguyod sa mga kasama sa panahong nasa kanilang baryo. Nakita niya mula sa kanyang karanasan ang kawastuhan ng paglulunsad ng armadong paglaban na siya lamang tanging solusyon sa paghihirap ng sambayanan. Tinanggap niya ang hamon nang magpasyang tahakin ang landas ng armadong pakikibaka. Taong 2016 ay nagpasya siyang magpultaym sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

Bukas siyang maitalaga sa iba't ibang bahagi ng Mindoro. Walang alinlangan niyang tinanggap ang mga atas at tungkulin mula sa Partido, kabilang na ang pagpakat nitong 2020 sa yunit na sasaklaw sa dulong hilaga ng Mindoro.

Hindi natin malilimutan ang kanyang kasigasigan sa paggampan sa mga gawain, gawaing masa man o gawaing militar. Nang minsang nasugatan sa isang depensibang labanan, matapos na gumaling sa pagkakasugat, agad siyang bumalik sa buong panahong pagkilos sa yunit ng hukbong bayan.

Nagmarka rin ang kanyang katapangan sa nilahukang taktikal na opensiba sa So. Buhuan, Brgy. Bugtong na Tuog, Socorro, Oriental Mindoro—ang pinakaunang putok sa 2020—kung saan dalawang sundalo ng 76th IBPA ang nasugatan. Dahil ito sa kanilang matiyaga at puno-ng-determinasyong pag-aabang sa mga mersenaryong sundalo na ilang araw nang nag-ooperasyon sa erya.

Ang katapangan niya at kapangahasan bilang kabataan ang inspirasyon ng mga kasama. Maaalala natin siya bilang isang kasamang malakas sa pagbubuhat, isang responsableng mandirigma na walang tinatanggihang atas. Sa kanyang pamilya, siya ay isang mapagmahal at responsableng anak at kapatid na nagtataguyod ng kanilang kabuhayan.

Namatay si Ka Gabby habang matapat na naglilingkod sa masa at sa rebolusyon. Sinuong niya ang masalimuot at puno-ng-sakripisyong pakikibaka. Kinalimutan ang sariling layaw at itinaguyod ang kapakanan hindi lamang ng sariling pamilya kundi ng maraming pamilyang inaapi at pinagsasamantalahan. Sa harap ng todo-gerang atake ng rehimeng US-Duterte sa rebolusyunaryong kilusan at sa mamamayan sa gitna ng paglaban sa nakamamatay na pandemyang Covid19, magiting na hinarap ni Ka Gabby ang hamon na biguin ang pangarap na gising ni Duterte na durugin ang rebolusyunaryong kilusan sa Isla.

Ang buhay at pakikibaka ni Ka Gabby at ng iba pang mga kasamang martir ang magiging hamon sa marami pang mga kabataang tahakin ang landas ng armadong pakikibaka. Dadamputin nila ang sandatang nabitawan at itututok ito sa mga mapang-api at mapagsamantala. Babangon ang mga uring inaapi upang itaguyod ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

Mabuhay ka, Ka Gabby, sa aming mga ala-ala! K

# Liham sa Martir

**Kasamang Gabby,**

Mapulang saludo sa iyo, isang mabuting kasama at Pilipino!

Ako ay sumasaludo sa iyong dakilang pagbubuwis ng buhay. Ikaw man ay lumisan, hindi ko malilimutan ang pagiging mahusay mo sa gawain. Ikaw ang tangi kong tutularan. Masakit man para sa akin, ngunit bahagi na ito ng ating rebolusyon.

Kahit wala ka na ngayon sa aming piling, mananatili ka pa rin sa aming puso. Inspirasyon kita para ipagpatuloy ang iyong nasimulan. Tulad mo, gagawin ko ang aking buong makakaya para sa ikatatagumpay ng rebolusyon ng sambayanang Pilipino at para sa masa.

Mabuhay ka, Ka Gabby, at iba pang nagbuwis ng buhay para sa sambayanan!

Para sa bayan,

**Ka Louie**



**Si Ka Louie ay isa ring kabataang katutubo na nagpultaym sa Bagong Hukbong Bayan sa Mindoro tulad ni Ka Gabby. Nagkasama sila noong 2017 para sa mga pagsasanay at gawaing masa.*